**INTERNATIONAL NAPASA ( January 14th,2025 )**

## 1)IMPORMASYON SA MGA PAGKONSULTA SA BATAS PARA SA MGA KABABAIHAN

女性のための法律相談のお知らせ

Sa January 27 (Monday) ay isasagawa ang **“Pagkonsulta sa batas para sa mga kababaihan”**. Makakahingi ng payo sa babaeng abogado na may kaugnayan sa mga karapatan, gastusin sa pagpapalaki ng bata at patina rin sa mga problema ng mag-asawa at iba pa. Ang oras sa umaga ay **9:30** at **10:20** at **11:10**, **12:50**, **1:40**, **2:30** at **3:30**. Sa mga taong gustong magpakonsulta ay itala ang①Pangalan ②Telephone Number ③ Nais na oras ng pagkonsulta. At ipadala sa pamamagitan ng **FAX** sa **No. 0463-21-9756.** Ang telepono para sa pagpapatala ay **0463-21-9861 (0463-21-9861) .**

## 2)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa January 26 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa Januray 15 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***“Okashi no Ongaku no concert”*** at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon ay mapapanood ang ***“Youko Concert”.***

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 naunang taong dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**

## 4)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG PEBRERO

2月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba’t-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***AQUABICS, UNDERWATER EXERCISE*** at iba pa***.***

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City.

Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa January 15 (Wednesday). Maaari ring mag-apply sa Home Page